

Hinihiling ang pakikiisa ng mga residente ng Sapporo

Layunin

Mas lalong palakasin ang pagpapatupad ng mga Pamamaraan ng Panlaban sa Impeksyon na tulad ng Hokkaido Aleret level 4 upang mapigilan ang impeksyon at muling paglawak ng COVID-19 sa Sapporo.

Panahon

Simula Sabado, **Abril 17** hanggang Biyernes, **Mayo 14, 2021**

Adhikain

Mabawasan ang impeksyon na mas mababa sa Hokkaido alert level 3 (National stage 2)

Pagpapatupad ng Kahilingan sa Pakikiisa ayon sa Artikulo 24(9) ng Batas sa Espesyal na mga Hakbang

【Kahilingan sa lahat ng residente ng Hokkaido】

Kung hindi makakaiwas sa impeksyon, mangyaring pigilan ang mga sumusunod:

- Pagbiyahe sa o paglabas ng tahanan sa Sapporo o ibang lungsod kung walang mahalaga o emerhensyang pakay.
- Pagbiyahe sa Sapporo kung kung walang mahalagang pakay.

(※Ang Kahilingang ito ay matatapos sa Mayo 14, kung ang bilang ng bagong impeksyon ay mababa sa 293/linggo at ang bilang ng okupadong bed sa ospital ay wala sa 110)

Simula 4/24~5/11
pagpapatupad ng mga hakbang
para sa Golden Week

Kahilingan sa Residente ng Hokkaido sa darating na Golden week holiday

Nagkakaroon ng maraming pagbibiyaha at salu-salo sa panahon ng Golden week, huwag po nating kalimutan na kumilos nang nararapat upang makabawas o makaiwas sa paglawak ng COVID-19.

Sa paglalakbay

- Palagiang pagpapatupad ng mga hakbang upang maiwasan ang impeksyon sa oras ng pagkain, paglabas ng tahanan at pagpasok sa trabaho.
- Kung hindi makakaiwas sa pagtitipon nang maramihan, iwasan ang paglalakbay o patagalin ang petsa ng paglalakbay.

Kung makikilahok sa Hanami (Cherry-blossom viewing)

- Umiwas sa mga mataong lugar at oras, pigilang pumunta sa mga pagtitipon.

Pagpapatupad ng Pangunahing Hakbang sa Sapporo sa Golden Week

Layunin Masidhing pag iwas sa pakikisalamuha at hangga't maaari ay huwag lumabas ng tahanan

Panahon Abril 24, 2021 (Sabado) hanggang Mayo 11, 2021 (Martes)

Mga Hakbang

【Kahilingan sa residente at nananatili sa Hokkaido】

- Hangga't maaari ay huwag lumabas ng tahanan sa Sapporo kung walang mahalaga o madaliang pakay.
- Hangga't maaari ay ipagpaliban ang pagparoon parito sa Sapporo kung walang mahalaga o madaliang pakay.

※Maliban sa pagpunta sa ospital, pamimili ng pagkain o mga pangunahing pangangailangan, pagpasok sa trabaho, pag ehersisyo, ay iwasan po nating lumabas ng tahanan.

- Para sa lungsod ng Sapporo, hangga't maaari ay iwasang makipagsalu-salo sa mga hindi kasambahay.

【Kahilingan para sa mga May ari ng Negosyo】

- Pagsasagawa ng Telework, iba't ibang oras ng pagpasok sa trabaho sa pakikiisa ng Pang Ekonomiyang Organisasyon.

(Adhikain : pagsasagawa ng 6 na porsyento)

- Muling pagsisiyasat sa mga lugar para sa kainan o breaktime na kung saan mataas ang peligro ng impeksyon.
- Para sa malalaking lugar at puntahan ng maramihan, masidhing ipatupad ang mga hakbang laban sa impeksyon una ang pagsuot ng mask at pag sanitize ng mga kamay.

【Kahilingan sa mga Eskwelahan】 (Kabilang ang Panahon ng Pagbabasta)

- Masidhing pagpapatupad ng mga hakbang ng panlaban sa impeksyon sa oras ng aktibidades at sa mga dormitoryo.
- Pagsasagawa ng Extra-Curricular Activities ayon sa napagpasyahan ng eskwelahan at maaaring magkaroon ng kahilingan ng pagpapaliban nito.
- ※Ang pag eensayo para sa mga lalahukang kompetisyon o malaking event na kung saan nagpapatupad ng mga hakbang sa panlaban sa impeksyon ay isasagawa kung kinakailangan at ito ay pagpapasyahan ng eskwelahan.
- Pagsasagawa ng Online Class o paghati ng klase sa mga Unibersidad, Kolehiyo at Technical School upang maiwasan ang close-contact.

【Para sa mga Pamublikong Pasilidad】

- Pagpapaikli ng oras at limitadong paggamit ng Pang Rehiyon - Munisipal na Pamublikong Pasilidad.

Pagpapatupad ng Pangunahing Hakbang sa Sapporo sa Golden Week

【Kahilingan para sa mga Restawran, Bar at iba pa】

- Kahilingan sa pagpapaikli ng oras ng serbisyo ng mga lugar ng kainan at inuman sa Sapporo.

Lugar

Buong lungsod ng Sapporo

Panahon

Abril 27, 2021 (Martes) hanggang Mayo 11, 2021 (Martes)

Mga Saklaw

Restawran, bar, karaoke at iba pa

Nilalaman
ng Mga
Kahilingan

- Ang paglalabas o pagbebenta ng alak ay simula 5 am ~8 pm
- Ang oras ng serbisyo ay simula 5 am hanggang 9 pm
- Pagsunod sa mga patakaran na nakasaad sa 「Mga Espisipikong Gabay ng Industriya 」
- ※ Ang mga susunod sa kahilingan ay makakatanggap ng benepisyong pinansyal.

【Benepisyong Pinansyal】

- ◆ **Small/Medium Business** : ayon sa kita sa 1 araw 25,000 yen ~ 75,000 yen
- ◆ **Korporasyon** : ayon sa nabawas na kita sa 1 araw Maximum ng 200,000 yen

- Ayon sa Panahon na nakasulat sa itaas, hinihiling sa residente at nananatili sa Hokkaido na huwag pumunta sa mga lugar ng kainan at inuman sa Sapporo simula 9pm~5am.